

Patakarán ng Pamumuhay sa Evacuation Shelter

Sa evacuation shelter na ito ay mayroong mga patakarán ng pamumuhay sa paglikas ayon sa mga sumusunod. Para sa mga lilikas, laging isa-isip ang pagtupad nito.

Komite ng Evacuation Shelter
(shi • cho • mura) _____ Area

1. Ang evacuation shelter na ito ay ang sentro sa komunidad para sa pag-iwas sa sakuna. Pakisuyong makipagtulungan ang mga gagamit sa evacuation shelter sa kaayusan sa mga tungkulin ng may kusang-loob.
2. Para sa pagpapatakbo sa evacuation shelter na ito, mula sa mga lumikas na mga tao ay magdadagdag ng ilang kinatawan at lider na magpapatakbo at sa pamamagitan ng mga kawani ng munisipalidad (person in charge sa pagtulong sa evacuation shelter) at namamahala sa pasilidad ay mag-oorganisa ng komite ng evacuation shelter (ayon sa ibaba 「Komite」).
 - Magsasagawa ng regular meeting ang mga komite araw-araw sa umaga _____ at hapon _____.
 - Bilang komite na organisadong tagapamahala, bubuo ng grupo para sa pagpapatakbo mula sa mga lumikas tulad ng grupong pangkalahatan, grupong mamamahala sa mga lumikas, grupo na mamamahala sa impormasyon ng mga lumikas, grupo na magbibigay ng mga impormasyon, grupo para sa mga pagkain at suplay, grupo na susuporta sa pamumuhay at grupo para sa kalinisan/kalusugan.
3. Ang mga evacuation shelter ay isa-isang isasara depende sa pagpapanumbalik sa mga importante o pangunahing pangangailangan tulad ng kuryente, tubig at iba pa (lifeline) at kasiguruhan sa matitirahan ng mga lumikas.
4. Ang mga lumikas ay kinakailangan na magsumite ng sinagutang “Evacuees Card” na para sa isang pamilya.
 - Kung lalabas na sa evacuation shelter, makipag-ugnayan sa komite o kaya ay sa grupong namamahala sa mga lumikas.
5. Hindi maaaring gamitin ang ibang espasyo ng likasan maliban sa lugar na pinahihintulutan ng tagapamahala ng pasilidad. Nagsasagawa rin ng regular na pagmamasid sa espasyo ng likasan.
 - Ipinagbabawal ang nakasapatos sa loob ng pasilidad (loob ng silid).
 - Isagawa sa itinalagang lugar lamang ang pangangalaga sa alagang hayop, hindi ito maaaring isama sa espasyo ng likasan.
6. Sa harap ng lugar kung saan ipamamahagi ang mga suplay ay mamimigay sa umaga _____, tanghali at hapon _____.
 - Bilang patakarán, kakanselahin ang pamimigay kung hindi magkakasya sa lahat ang pagkain at suplay para sa pamumuhay. Kaya lang, may pagkakataon na mamimigay sa mga tao na may mabigat na dahilan o sitwasyon matapos na makapagpaliwanag sa ibang mga lumikas.
 - Humingi sa grupo ng pagkain at suplay o kaya ay sa grupo ng taga-suporta sa pamumuhay kung nangangailangan ng gatas, diaper, napkin at iba pa.
7. Papatayin ang ilaw sa hapon ng ala-_____ at palalamlamin ang ilaw (dim light) sa espasyo na pinamamalagian.
 - Para maiwasan ang krimen, pananatilihin ang ilaw sa koridor, toilet at tanggapan ng tagapamahala.
 - Matapos na patayin ang ilaw, iwasan ang pag-uusap at paggamit ng cellphone sa espasyo na pinamamalagian.
8. Kung nagkaroon ng tawag sa telepono sa pasilidad ang lumikas, tutugunin ito sa pagsasabi na tumatanggap ng tawag mula _____ ng umaga hanggang _____ ng hapon at ipapa-alam na nakatanggap ng mensahe sa pamamagitan ng paga-anunsyo.
 - Kung punuan o maraming gumagamit ng pampublikong telepono, gamitin lamang ito sa oras ng emergency.
9. Palitan ang mga lumikas sa paglilinis ng toilet sa oras na ala-_____ ng umaga; ala-_____ at ala-_____ ng hapon.
 - Para sa toilet na ginagamitan ng flush, ang pangbuhos na tubig sa timba ay para sa dumi lamang.
10. Para sa pampublikong kalinisan, tandaan na kailangan ang paghuhugas ng kamay, pagmumumog, paggamit ng disinfectant alcohol sa mga kamay at paggamit ng mask sa paglabas-pasok sa evacuation shelter.
 - Para sa mga nagtatae, nilalagat at iba pa, magsabi sa grupo ng kalinisan/kalusugan.
11. Ipinagbabawal ang pag-inom ng alak sa loob ng evacuation shelter at paninigarilyo maliban sa itinalagang lugar.
12. Patakarán ang pagbabawal sa paggamit ng apoy sa loob ng compound ng pasilidad. Tungkol sa paggamit ng apoy para sa heater at lutuan, gumamit ng may sapat na pag-iingat matapos na pahintulutan ng tagapamahala sa pasilidad.

※下線部を記入のうえ、避難者の目の届くところに掲示します。
なお、内容はあくまで例示のため、状況に応じ修正してください。

トイレを使うときの注意の例 既存トイレを利用する場合

Paala-ala sa Paggamit ng Toilet

- Sa kasalukuyan, ang toilet na ito ay posibleng magbara kung magpa-flush ng uri ng papel (toilet paper at tissue na maaaring i-flush).
- Huwag magflush ng uri ng papel sa toilet bowl, itapon ito sa nakalagay na basurahan at pagkatapon ay siguruhin na isarado ang takip ng basurahan.
- Pagkagamit ng toilet, buhusan ito ng nakahandang tubig (nasa timba o kaya ay pet bottle) para sa toilet. Ang paggamit ng tubig ay para sa lahat kaya' t isa-isa ang pagtitipid. Kung ang tubig na para sa toilet ay mauubos na, makipagtulungan ang taong nakapansin nito sa pamamagitan ng paglalagay muli ng tubig.
- Huwag gamiting panghugas ng kamay ang tubig na para sa toilet, dahil ito ay tubig mula sa pool. Sa paghuhugas ng kamay, gamitin ang nakahandang tubig (panghugas ng kamay) na nasa hugasan ng kamay.
- Ang paggamit ng toilet ay para sa lahat, kaya' t gamitin ito ng may kalinisan. Kapag narumihan, ang paglilinis kaagad nito ay isang kagandahang-asal.
- Ang paglilinis ng toilet ay gagawin ng lahat ng gagamit sa evacuation shelter ayon sa kaniya-kaniyang tungkulin. Tingnan ang iskedyul ng tungkulin at makipagtulungan.

Tagapangasiwa ng Toilet

岐阜県避難所運営ガイドライン(タガログ語)

P	日本語	タガログ語
7 1	衛生的な手洗い	Malinis na Paghuhugas ng mga Kamay
	1 流水で手を洗う	Hugasan ang mga kamay sa tumutulong tubig.
	2 洗剤を手取る	Gumamit ng sabon sa kamay.
	3 手のひら、指の腹面を洗う	Sabunin ang mga palad hanggang sa bahagi ng mga daliri.
	4 手の甲、指の背を洗う	Sabunin ang likod ng palad hanggang sa bahagi ng mga daliri.
	5 指の間(側面)、股(付け根)を洗う	Sabunin ang pagitan ng mga daliri (gilid) at mga bahagi (joint) nito.
	6 親指と親指の付け根のふくらんだ部分を洗う	Sabunin ang hinlalaki at ang nakaumbok na bahagi sa joint.
	7 指先を洗う	Sabunin ang mga dulo ng daliri.
	8 手首を洗う(内側・側面・外側)	Sabunin ang pulsuhan (harap, likod at tagilirang bahagi).
	9 洗剤を十分な流水でよく洗い流す	Magbanlaw mabuti sa tumutulong tubig.
	10 手をふき乾燥させる	Punasan at patuyuin ang mga kamay.
11 アルコールによる消毒	Magdesimpeksyon sa pamamagitan ng alcohol.	
7 4	エコノミークラス症候群予防のために心掛けると良いこと	Makabubuting Tandaan Upang Makaiwas sa Economy Class Syndrome
	予防のためには、 ①ときどき、軽い体操やストレッチ運動を行う ②十分にこまめに水分を取る ③アルコールを控える。できれば禁煙する ④ゆったりとした服装をし、ベルトをきつく締めない ⑤かかとの上げ下ろし運動をしたりふくらはぎを軽くもんだりする ⑥眠るときは足をあげる などを行いましょう。	Upang makaiwas, ①Paminsa-minsan ay bahagyang mag-ehersisyo at mag-unat. ②Uminom paunti-unti ng sapat na inumin. ③Iwasan ang malasing. Hanggat maaari ay huwag manigarilyo. ④Magsuot ng maluwang na damit at huwag isara ng mahigpit ang sinturon. ⑤I-ehersisyo ang sakong sa pamamagitan ng pagtaas at baba nito; bahagyang pisil-pisilin ang kalamnan ng binti. ⑥Itaas ang paa kung matutulog.
	予防のための足の運動 ①足の指でグーをつくる ②足の指をひらく ③足を上下につま先立ちする ④つま先を引き上げる ⑤ひざを両手で抱え、足の力を抜いて足首を回す ⑥ふくらはぎを軽くもむ	Ehersisyo ng Paa Upang Makaiwas ①Baluktutin ng papaloob ang mga daliri sa paa. ②Ibuka ang mga daliri sa paa. ③Itaas-baba ang mga paa habang nakatukod ang mga dulo ng daliri nito. ④Unatin ng pataas ang mga daliri ng paa. ⑤Hawakan ng parehong kamay ang tuhod, i-relax ang mga paa at iikot ang bukung-bukong. ⑥Pisilin ng bahagya ang kalamnan ng mga binti.

P	日本語	タガログ語
76	受付 避難所利用者名簿に世帯全員の氏名を記入してください。受付後は、避難者カードを世帯ごとに記入し、ご提出ください。 ・避難所を退所されるときは、お申出ください。	Tanggapan ・ Isulat ang pangalan ng lahat ng kasambahay sa listahan ng mga taong gagamit ng evacuation shelter. Matapos makapagpalista, punan ang Evacuees Card 1 para sa bawat sambahayan at isumite ito. ・ Ipagbigay alam kung aalis na sa evacuation shelter.
77	避難室	Evacuation room
	名称	Pangalan
	号室	Numero ng Kuwarto
	対象地区	Area
	禁煙・火気厳禁・盗難注意	Bawal Manigarilyo・Huwag Magsindi ng Apoy・Mag-ingat sa Magnanakaw
78	トイレ	Toilet
	男性用・女性用	Panlalaki・Pambabae
	使用可・使用不可	Maaaring magamit・Hindi maaaring magamit (Ipinagbabawal ang Paggamit)
79	更衣室	Silid-bihisan o Locker Room
	男性用・女性用	Panlalaki・Pambabae
	※必ず入室前にノックをしてください!	※Kumatok muna bago pumasok!
80	授乳室	Kuwarto sa Pagpapasuso o Nursing Room
	※必ず入室前にノックをしてください!	※Kumatok muna bago pumasok!
81	消毒	Desimpeksiyon
	必ず消毒してください。	Siguruhing magdesimpeksiyon.
82	ゴミ	Basura
	分別区分	Uri ng Paghihiwalay
	可燃・不燃・()	Nasusunog・Hindi nasusunog・()
	回収時間	Oras ng Pangungolekta
83	立入禁止	Bawal Pumasok
	上記のため立入禁止とします。	Ipinagbabawal ang pumasok dahil sa nakasaad sa itaas.
84	女性専用	Pambabae Lamang
85	喫煙所	Lugar para sa Paninigarilyo
86	土足厳禁	Mahigpit na ipinagbabawal ang nakasapatos.
	※靴は靴箱へ片付けましょう。	※Ilagay ang sapatos sa lagayan ng sapatos.
87	運営本部	Punong Tanggapan ng Tagapamahala
	※関係者以外立入禁止	※Bawal pumasok ang hindi awtorisadong tao.
88	キッズスペース	Espasyong Pambata
	(子どもの遊び場)	(Palaruang pambata)
89	おむつ交換所	Lugar ng Pagpapalit ng Lampin
90	掲示板	Bulletin Board